

## Pahayagan ng Ladies Prayer Internasyonal



United Pentecostal Church

Hulyo 2016



Visit [Ladies Prayer International on Facebook](#) and "like" our page!

### Kunektado sa pinagmumulan ng Kapangyarihan

ni Rebecca Starr Trammell



"Ngayon sa makapangyarihang gumawa ng lubhang sagana ng higit sa lahat ng ating hinihingi o iniisip, ayon sa kapangyarihang gumagawa sa atin".(Efeso 3:20).

Masasabi ko na minana ko sa aking ama na si William R. Starr ang bersikulong ito. Bilang bata, madalas niyang banggitin ito sa kanyang Panalangin. Tunay na nanatili sa akin at maraming beses na ito ay nakakapag-encourage sa akin sa panahon ng kaguluhan sa buhay ko. Nalalaman ko na ang Diyos ay palagi kong kasama kahit anong sitwasyon sa buhay ko. Kapag maayos lagi ang puso ko. Palagi akong nananalangin, at palagi akong nagbbasa ng Biblia, alam ko na ako ay may matibay na koneksyon sa Kanya na siyang aking kalakasan..

Ang aking mga anak at apo ay aking malaking handog mula sa Diyos. Ayon sa Awit 127:3, "Narito, ang mga anak ay mana na mula sa Panginoon: at ang bunga ng bahay-bata ay kaniyang ganting-pala". Kahit na tayo ay tumatamasa ng mga magagandang kaloob ng Diyos, dumarating pa din sa atin ang problema patungkol sa ating mga anak. Ang iba sa kanila ay nagiging rebelde, nagiging suwail o naliligaw ng landas o iba pa man. Isang bagay lng ang masasabi ko, ang palagiang pagiging kunektado sa Diyos ay isang pagpapala. Ano mang bagay na ating pinapanalangin sa sikreto ay kanyang sasagutin. Hindi ako nakakaramdam na ako ay nag-iisa sapagkat ako ay nagtitiwala sa kanya, siya ay kasama ko nasaan man ako pumaroon..

Perpekto ba ang buhay? Sinagot na ba ng Diyos ang lahat ng ating panalangin? Marahiln karamihan ay hindi pa. Subalit nangako ang Diyos na kahit kaylan hindi niya ako pinabayaan. Matatag ang aking pananampalataya, at nagtitiwala ako na sa kanyang mga pangako " Na ating ingatang matibay ang pagkakilala ng ating pagasa upang huwag magalinlangan: sapagka't tapat ang (Hebreo10:23).

Habang ako kunektado sa kanya na pinagmumulan ko ng lakas, alam ko na di niya ako pababayaan. Bilang Ina,

palagi kong ipinapanalanangin ang aking mga anak. Kapag nakikita ko na sila ay mayroong pagsubok, nagtitiwala ako na sila ay hawak ng Diyos. Kung nais man ng Diyos na sila ay gamitin, alam ko na daldahin sila ng Diyos sa lugar na kung saan sila ay matutong magtitiwala sa kanya kaysa sa akin na kanilang magulang.

Isang malaking pagpapala sa ating mga anak na kung sila ay ating tuturuan na kung saan sila dapat lumakad. (Kawikaan 22:6) Habang sila ay ating tinuturuan, And Diyos ay namamagitan at hinuhubog sila. Kaya tayo ay magtiwala lamang, sapagkat alam ng Diyos ang laman ng ating mga puso. Anumang sitwasyon ng buhay, palagi tayong kumunekta sa kanya na pinagmumulan ng ating lakas. Kay Hesus na ating Panginoon.

Tala: Si Rebecca Trammell at asawang si David, ay mga Pastor sa Christ Apostolic Church in Albion, Michigan, sa loob na ng twenty-eight years. Sa ngayon sila na ang Michigan distric superintendent ng UPCI. Sila ay may anak na si Marcus (wife Heidi) and at anak na babae na si Farrah (husband Terron Erwin). May dalawa silang apo na sina Clark and Cole.

---

## **Panalangin at Pag-ayuno para sa mga Anak.**

Ni Thetus Tenney



Para sa isang Ina na naglilingkod sa Diyos, natural na lamang sa kanya na ipanalangin ang kanyang anak, na para bang ito na ang kanyang hininga. Ang ipag-ayuno sila ay mas iba pang dimensyon.

Alam ito ni David kaya noong nagkasakit ang kanyang anak, dinala niya ito sa panalangin at pag-ayuno. Ayon sa II Samuel 12:16-25, siya ay nag-ayuno ng pitong araw and nanalangin ng magdamag. Alam niya na sa pagsisi, pag-ayuno at panalangin, ang awa ng Diyos ay darating.

Si Ezra ay inalala ang kaligtasan at kapakanan ng kanyang pamilya, higit sa lahat ng mga bata. Nagkaraon sila ng pag-ayuno noon upang humingi ng gabay sa Diyos at sa kanilang mga maliliit na bata pati na rin para sa kanilang mga pag-aari. . . "At kami ay nag-ayuno, tumawag sa aming Diyos.... at kami ay kanyang dininig ..... at kami ay humayo patungo sa Jerusalem: at ang kamay ng Diyos ay napasaamin, at kami ay kanyang niligtas mula sa kamay ng kaaway " (Ezra 8:21, 23, 31, 32).

Sa ating daan patungo sa Jerusalem, kailangan natin ang kamay ng Diyos; kailangan natin ang kanyang gabay at proteksyon para sa atin at sa ating mga anak.

Mapagpanalangin at mapag-ayuno si Hannah na Ina ni Samuel (I Samuel 1:1-20), Dahil siya ay desperado sa panalangin at ayuno, ipinanganak niya si Samuel na anointed na at siyang ginamit ng Diyos upang bumalik ang buong bansa sa Diyos.

Kada taon, siya ay pumupunta sa Templo upang maghandog ng sakripisyo sa Diyos at bagong damit sa kanyang anak. Tunay na isang magandang ehemplo sa panahon natin ngayon.

Si Vesta Mangun, ay isang babae sa panahon natin ngayon na ang pangalan ay napaparehas sa panalangin at pag-ayuno, na kung saan tuwing kaarawan ng kanyang anak ay naglalaan siya ng buong araw sa panalangin at pag-ayuno bilang kanyang espesyal na handog sa anak niya. Ano pa bang higit pang handog dito? Tunay na isa siyang Hannah sa panahon natin ngayon.

" Dinala nila kay Jesus ang maliliit na bata upang mahipo niya, ngunit sinaway ng mga alagad ang nagdala sa mga bata. Subalit lubhang nagalit si Jesus nang makita ito. Sinabi niya sa kanila: Pahintulutan ninyong lumapit sa akin ang mga bata at huwag ninyo silang hadlangan..... Nang makalong ni Jesus at maipatong ang kaniyang mga kamay sa mga bata, pinagpala niya sila. (Mark 10:13-16).

Sa kanyang salita at siya bilang halimbawa, inuuna palagi ni Hesus ang mga bata. Kahit na wala siyang anak, siya ay tumugon sa mga bata tulad ng isang ama. Wala siyang anak upang ang lahat ay kanyang maging anak. (Bengel).

Ipanalangin natin ang mga bata sa mundo. Palagi nating silang ipanalangin ng mainam lalo na sa mga batang nawawala at naaabuso. Tingnan nga natin ang ating mga sarili, kapag tayo ay tumutugon sa mga bata, tayo ba

katulad ni Hesus?

Tala: Si Thetus Tenney, ay isang kilalang author at speaker. Limang dekada na siyang aktibo sa Christian ministry na kung saan siya ay madalas na maimibitahan na maging speaker sa buong mundo. Siya din ay ang International Coordinator of the World Network of Prayer at nagsilbi din siyang Louisiana State Board of Education. Asawa niya si T. F. Tenney, at sila ay nakatira sa Tioga, Louisiana. May dalawa silang anak at limang apo.

---

## Kumunekta sa Pinagmulan

ni Glenda Alphin



Nitong huli, madalas kong naiisip ang kinabukasan ng mga batang aming nakilala. Maraming gumugulo sa ating isipan, minsan ay mabuti minsan ay masama, tunay na ang isa sa dalawang ito ay nagnanais na manalo sa isipan at aksyon ng mga tao..

Sabi ni Haim Ginott , "Ang mga bata ay parang basang semento; na anuman ang mahulog sa kanila ay nagmamarka. Mapasalita man o mapagawa, ito ay nakikita ng mga bata. Kaya nararapat lamang na maipakita natin at maikunekta sila kay Hesus habang bata pa sila, si Hesus na siyang kanilang magiging kanlungan sa panahon ng unos ng buhay.

Mahalagang makilala nila si Hesus habang sila ay bata pa, maituro hindi lamang ang plano ng kaligtasan kundi dapat sila ay may matibay na pundasyon sa doktrina ,upang hindi lamang nila ito maihayag sa iba kundi kapag may mga tao na nais silang subukin ay alam nilang ipagtanggol ang kanilang pananamplata. Sabi sa kawikaan 22:6 says, " Turuan mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran, at pagka tumanda man siya ay hindi niya hihiwalaan. Pinipilit ng mundong ito na maimpluwensyahan ang ating mga anak. At tayo , ano ang ating ginagawa upang mahadlangan ito?

Batid ko na minsan ang aming mga anak ay may mga pinagdadaanan habang sila ay nakatira sa malayo. Ang pusong ina ko minsan ay nasasaktan subalit sila ay palagi ko sila ipinapanalangin, at kapag napapagtagumpayan nila ang bawat pagsubok, taos puso ako nagpapasalamat sa Diyos dahil natuto ang aming mga anak. Naalala ko noong 4 na and 6 pa laamang sila. Nagtanong sila sa akin ng " bakit gnon paniniwala natin? Bakit natin ito ginagawa? Anong ibig sabihin ng sinabi ng Pastor? Matatalino ang aming mga anak, kaya alam namin na hindi uubra sa kanila yung susundin nila dahil sinabi mo, nag-iisip sila. Ang Diyos ang aming inspirasyon.Dahil sa pabor ng Diyos kung kaya ang training namin sa aming mga anak ay hindi nawalan ng saysay..

Ang lakas mula sa may matibay na pundasyon sa salita ng Diyos ay walang kapantay. At ito mismo ay maraming beses naisulat sa Biblia.Sinabi sa Deuteronomy 6:4-9 na itinuturo mismo ng mga hudyong sa kanilang anak si Kristo habang mga bata pa sila.At gayon din sa Deuteronomy 11:18-21, na nagsasabi kung gaano kahalaga na maituro si Kristo sa mga bata.

Nasusulat sa Awit 119:11 Ang salita mo'y aking iningatan sa aking puso: upang huwag akong magkasala laban sa iyo. Hindi sapat na tayo ay naniniwala sa kanya dapat ay alam nila kung ano ang ating pinapaniwalaan. Ang kanyang mga salita ay ang ilawan sa kanilang paa,subalit ito lamang ay kung sila ay kunektado sa kanya na nagbibigay buhay , Si Hesus.

*Tala:Si Glenda Alphin ay ang UPCI Global Representative sa Finland at Iceland. Siya ang nagsulat ng Growing with God series kasama ang asawang si Mark.*

---

Like us on Facebook 

---

## Mula sa Mailbox

Ako ay tunay na nagpanggap na natanggap ko ang email na pahayagang ito. Kami ng aking mga kaibigan ay

ibinabahagi din ito sa aming mga kaibigan.Salamat sa inyong lahat. -ej

View our videos on 

[Watch Ladies Prayer International 1-minute Video clip.](#)

## Mula sa Editor



Debbie Akers

Maraming ginagawang mabuti ang Diyos ,

Ang Diyos ay patuloy na nagbubukas ng pinto,Ang pahayagang ito ay mayroon na ring English, Spanish, French, German, Dutch, Portuguese, Russian, Greek, Arabic, Farsi, Czech, Chinese, Swahili, Hungarian, Tagalog, Indonesian, Romanian,Italian at Norwegian. Ipanalangin po natin na magkaroon na rin tayo ng Polish,Serbian,Bulgarian at Japanese na taga transleyt.

Kung nais nyong magkaroon ng mga iba't ibang transleasyon mula sa taas, maari lamang na mag request sa LadiesPrayerInternational@aol.com.

## Ministry Links

[Ladies Prayer International](#)

[UPCI Ladies Ministries](#)

[More to Life Bible Studies](#)

[Today's Christian Girl](#)

[World Network of Prayer](#)

[UPCI](#)

[My Hope Radio](#)

[Multicultural Ministries](#)

[Ladies Prayer International on Facebook](#)



**Sino kami?** . . . Simula pa noong 1999: ang "Ladies Prayer Intl." ay binubuo ng mga kababaihan sa buong mundo na nagpupulong tuwing ika-unang lunes ng kada buwan ,upang manalangin ng sama sama para sa kapakanan ng kanilang mga anak at mga anak sa lokal na simbahan at pamayanan.

**Ang aming misyon** . . . Kami ay naninindigan na pangalagaan ang kasalukuyan at darating pang henerasyon ,gayundin ang pagpapanumbalik ng nakaraang henerasyon.

**Aming kailangan** . . . Mga Kababaihan na handang maglaan ng panahon na makasama sa pagpupulong upang pokus na ipanalangin ang knilang mga anak tuwing ika-unang lunes ng kada buwan.

**Tatlong dapat bigyang pansin sa pananalangin..**

1. Kaligtasan ng ating mga anak(Isaias 49:25; Awit 144:12; Isaias 43:5-6).
2. Na ang ating mga anak ay manindigan sa kanilang pananampalataya pagdating sa tamang edad (I Juan 2:25-28; Santiago1:25)
3. Na sila din ay magpagamit sa Panginoon (Mateo 9:38)



**Ministries we support...**

**TUPELO CHILDREN'S MANSION**

Children live in an environment with opportunity to grow spiritually, physically and emotionally.

**NEW BEGINNINGS** Maternity care for birthmothers considering adoption and child placement for adoptive couples.

**HAVEN OF HOPE** A program for girls ages 13-16 with behavioral and emotional issues.

**LIGHTHOUSE RANCH** for BOYS Healing broken and hurting lives of teen boys.



---

**Do You Subscribe to Reflections Magazine?**

This bi-monthly publication will bless and inspire you. Articles are biblical and relevant to today's apostolic lady. Subscribe for yourself, a friend, or order a bundle for your church.

**Subscribe online!**